# Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Diyos Yugto 37
# Kumilos Bilang Isang Alagad

"1 Pagkatapos ng mga bagay na ito ay naparoon si Jesus sa kabilang ibayo ng dagat ng Galilea, na siyang dagat ng Tiberias. 2 At sumusunod sa kaniya ang lubhang maraming tao, sapagka't kanilang nangakikita ang mga tanda na ginagawa niya sa mga maysakit. 3 At umahon si Jesus sa bundok, at doo'y naupo siya na kasama ng kaniyang mga alagad. 4 Malapit na nga ang paskua, na pista ng mga Judio. 5 Itinanaw nga ni Jesus ang kaniyang mga mata, at pagkakita na ang lubhang maraming tao'y lumalapit sa kaniya, ay sinabi kay Felipe, Saan tayo magsisibili ng tinapay, upang mangakakain ang mga ito? 6 At ito'y sinabi niya upang siya'y subukin: sapagka't nalalaman niya sa kaniyang sarili kung ano ang kaniyang gagawin. 7 Sumagot si Felipe sa kaniya, Hindi magkakasiya sa kanila ang dalawang daang denariong tinapay, upang makakain ng kaunti ang bawa't isa. 8 Sinabi sa kaniya ng isa sa kaniyang mga alagad, si Andres, na kapatid ni Simon Pedro, 9 May isang batang lalake rito, na mayroong limang tinapay na sebada, at dalawang isda: datapuwa't gaano na ang mga ito sa ganyang karamihan? 10 Sinabi ni Jesus, Inyong paupuin ang mga tao. Madamo nga sa dakong yaon. Kaya't nagsiupo ang mga lalake, na may limang libo ang bilang. 11 Kinuha nga ni Jesus ang mga tinapay; at nang makapagpasalamat, ay ipinamahagi niya sa kanilang nangakaupo; at gayon din naman binigyan sila ng mga isda kung gaanong ibigin nila. 12 At nang sila'y mangabusog, ay sinabi niya sa kaniyang mga alagad, Pulutin ninyo ang mga pinagputolputol na lumabis, upang walang anomang masayang. 13 Kaya't kanilang tinipon, at nangapuno ang labingdalawang bakol ng mga pinagputolputol sa limang tinapay na sebada, na lumabis sa nagsikain." (Juan 6:1-13)

Sa itaas na talata na ating nabasa sa Juan 6, ating makikita at masasaksihan ang kagilagilalas na himala na ginawa ni Jesus sa pagbibigay ng pagkain para sa karamihan ng mga tao tungkol sa limang libong tao, dagdag ang mga kababaihan at ang mga bata. Ang mga tao'y sumunod sa Panginoon sapagkat nakita nila ang tanda na kanyang ginawa sa pagpapagaling ng may karamdaman. Ang mga tao at ang karamihan ng mga tao at nagpatuloy pumunta sa Panginoon sapagkat sa tiyak na kailangan ng kanilang buhay, kagaya ng pagpapagaling, kamangha manghang kalutasan sa mga suliranin, pagbibigay ng pagkain, at ilang bagay na kailangan. Sa gayon, kailangan nating asahan ang ganoong mga bagay muli upang maganap. Habang nangyari sa nakaraan kay Jesus at sa Kanyang mga alagad, ito'y mangyayari rin sa atin, bilang isang simbahan, ngayon.

Ang Panginoon ay kasama ng Kanyang nga alagad nang ang karamihan ng mga tao ay pumunta at hinanap Siya. Ang Panginoon at ang Kanyang mga disipolo ay gumagawa kabila't kabila . Sa gayon nang ang pulutong ng mga tao ay pumunta sa Panginoon nakilala nila ang mga alagad at nang sila'y pumunta sa mga disipolo nakilala nila ang Panginoon. Mula sa ganitong kaayusan kailangan nating maintindihan ang mga sumusunod:

I. Habang tayo ay sumusunod sa Panginoon sa gayon makikilala natin ang karamihan na pupunta sa Panginoon. Ganon din ang karamihan ng mga tao ay pupunta sa atin, kailangan nating ipakita sila sa Panginoon.

II. Kung tayo ang mga alagad, sa gayon kailangan nating kumilos at gumanap bilang mga alagad. Hindi tayo ituturing o isasalang alang ni Jesus katulad ng pagsaalang alang at pagturing sa karamihan.

Ano ang kaibahan sa pagitan ng karamihan ng mga tao at ng mga alagad? Ang karamihan na pumunta kay Jesus sila'y walang pananampalataya, walang pagkain, at walang ibang bagay gaya ng kagalingan, kaligtasan, at personal na kaugnayan sa Diyos. Hindi nila alam ang Salita ng Diyos at hindi nila alam ang pananalangin at hindi nila alam kung paano dinggin ang tinig ni Jesus. Ngunit ang mga alagad dapat na maging kabaligtaran nila sa kanilang pagkakaunawa ng mga bagay na espirituwal; sila'y mayroong pananampalataya, personal na kaugnayan sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo, alam nila ang Salita ng Diyos at ang mga pangako ng Diyos. Higit sa lahat sila'y may kaloob ng pananalangin, sila'y sinanay ng Diyos at kilala Siya sa mahabang panahon. Sila'y naturuan at sinanay bilang mabuting katiwala sa kanilang pinagkukunan at mabuting tagaplano ng mga pangyayari na nais ng Diyos sa kanila upang hawakan sa kanilang buhay.

Samakatuwid, sa pagiging alagad ng Panginoon ay inaasahan mula sa atin upang maunawaan ang espirituwal na mga bagay; upang magkaroon ng pananampalataya, upang magkaroon ng personal na kaugnayan sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo at makilala Siya ng husto, upang malaman ang Kanyang Salita, ang Kanyang mga pangako

at ang Kanyang kalooban. At saka, ang Panginoon ay tiyak na aasahan mula sa atin na gamitin ang kaloob na pananalangin, upang maging mabuting katiwala sa mga pinagkukunan, upang maging mabuting tagaplano ng mga pangyayari na nais ng Diyos sa atin upang hawakan at gawin sa ating buhay.

Sa pagiging isang alagad huwag kumilos na parang ikaw ay mula sa karamihan na nais makatanggap ng mga bagay sa Diyos ngunit ayaw ipagkatiwala ang iyong sarili o upang mapilitan na gawin ang tiyak na bagay para sa Panginoon. Kailangan mo na ilagay una ang Diyos at hindi ilagay una ang iyong sarili.

Ang Panginoon ay tiyak na aasahan mula sa atin, na Kanyang mga alagad na maging isang malaking tulong, isang supporta at ka manggagawa sa Kanya at tulungan Siya sa pagharap sa bagong paparating na mga karamihan ng mga tao.

Ang Panginoon ay tiyak na aasahan mula sa atin kagaya ng mga alagad ang sumusunod:

A. Ang Panginoon ay aasahan mula sa atin bilang mga alagad, na magkaroon ng pananampalataya kay Cristo na makakagawa Siya ng mga himala; Ang mga tao at ang mga pulutong ng mga tao ay sa huli ay idederikta kay Cristo at kailangan nating magkaroon ng pananampalataya kay Cristo na gagawa siya ng isang bagay na ihahayag Niya ang Kanyang sarili at ang Kanyang kapangyarihan sa ating kalagitnaan. Ang mga tao at karamihanng mga tao ay sa huli ay idederikta kay Cristo at kailangan nating magkaroon ng pananampalataya kay Cristo na gagawa siya ng himala upang pagalingin sila, upang protektahan sila mula sa panganib at ibigay ang kanilang mga pangangailangan.

Mayroong kaba ganoong uri ng pananampalataya sa Diyos at kay Jesus na inaasahan mo ang mga himala, kagalingan, probisyon patungo sa mga pumupunta sa Kanya?

Ngayon na ang oras sayo upang magbago at asahan ang ganoong mahimalang pagkilos ng Diyos sa iyong buhay at sa buhay ng mga tao na nakapaligid sayo at siyang inaabot mo, pinaglilingkuran at miniministerio.

Ngayon ang tamang oras para sayo upang magbago at asahan ang ganoong mahimalang pagkilos ng Diyos kahit na sa iyong pamilya, at sa iyong mga kaibigan, kapitbahay at mga kamaganakan.

B. Ang Panginoon ay aasahan mula sayo bilang alagad, na magkaroon ng malasakit at pagibig para sa paparating na pangkat: Ang nga tao at karamihan ng mga tao ay mayroong maraming kailangan at alalahanin, ngunit ang mga alagad ay dapat magkaroon ng malasakit upang tulungan ang karamihan ng mga tao upang tugunan ang kanilang kailangan. Mayroon ka bang pagibig at kahahabagan patungo sa mga nawawala at sa mga hindi kilala si Cristo. Ano ang iyong nararamdaman patungo sa ganoong uri ng karamihan ng mga tao na nawawala at naguguluhan sa mundong ito? Ayaw mo ba sa kanila? Sila ba ay nakakasagabal sayo? Mayroong ka bang habag, malasakit at awa patungo sa kanila?
Ginagawa mo ba ang lahat upang tulungan sila at gawin ang kanilang buhay ng mas mabuti kaysa sa ngayon?

Nais ng Diyos sayo na alisin ang galit at katigasan ng puso tungo sa mga kaluluwa na malayo mula sa Diyos. Nais ng Diyos sa iyong puso na maging katulad sa Kanyang mapagmahal at mahabanging puso, upang tulungan ang mga pinapahirapan ng diyablo, sa karamdaman, sa kaguluhan at iba't ibang krisis habang sila'y pumupunta hinahanap ang tulong mula kay Cristo na ating Panginoon.

C. Ang Panginoon ay inaasahan mula sa atin bilang alagad, upang maging responsable at may pananagutan sa ating katawagan at ministerio: Ang Diyos ay inaasahan mula sa atin na maging mga alagad na may pananagutan. Ang karamihan ng mga tao na dumating patungo kay Jesus ay pinatunayan na maging isang hamon ng isyu sa mga alagad, kung saan sa huling pananagutan patungo sa ministerio ay masusubok. Sinubok ni Jesus ang Kanyang mga alagad sa tanong na ito, "5 Itinanaw nga ni Jesus ang kaniyang mga mata, at pagkakita na ang lubhang maraming tao'y lumalapit sa kaniya, ay sinabi kay Felipe, Saan tayo magsisibili ng tinapay, upang mangakakain ang mga ito?" (Juan 6:5) Alam ni Jesus ano ang gagawin, ngunit ang mga alagad ay sumagot sa Kanya sa mga paraan na kung saan nagpapakita na sila'y hindi tumutugon ng maayos sa kung anong tinawag ng Diyos sa kanila upang

gawin. "7 Sumagot si Felipe sa kaniya, Hindi magkakasiya sa kanila ang dalawang daang denariong tinapay, upang makakain ng kaunti ang bawa't isa. 8Sinabi sa kaniya ng isa sa kaniyang mga alagad, si Andres, na kapatid ni Simon Pedro, 9 May isang batang lalake rito, na mayroong limang tinapay na sebada, at dalawang isda: datapuwa't gaano na ang mga ito sa ganyang karamihan? " (Juan 6:7-9) Pareho ng kanilang sagot ay nagpakita na ang mga alagad ay nagaatubili na kumilos na may pananagutan sa anong kanilang katawagan upang gawin. Pareho sila na hindi nais na pumunta at suportahan ang kailangan ng karamihan nga mga tao na dumating sa kanila, ngunit si Andres ay sumagot ng mas mahusay kaysa sa sagot ni Felipe, sa wakas, siya ay handa upang ibigay kung ano ang mgagamit sa paligid.

D. Ang Panginoon ay aasahan mula sa atin bilang mga alagad, na magtiwala sa Diyos, at ilagay sa anong mayroon tayo sa kamay ng Diyos: "8 Sinabi sa kaniya ng isa sa kaniyang mga alagad, si Andres, na kapatid ni Simon Pedro, 9 May isang batang lalake rito, na mayroong limang tinapay na sebada, at dalawang isda: datapuwa't gaano na ang mga ito sa ganyang karamihan?" (Juan 6:8-9) Kailangan ng Diyos sa atin ngayon na maging may pananagutan patungo sa mga responsibilidad at ng mga ministerio na ipinagkatiwala sa atin upang gawin. Tayo ay tinawag upang gawin ang tiyak na mga ministerio tayo at tayo ay tinawag upang alagaan ang ilang mga tao na ginawa ng Panginoon upang makipagugnayan sa atin. Sa gayon nating kumpletuhin ang ating takdang aralin , sa pagbibigay sa kung anong nasa ating kamay, at ilagay yaon sa mga kamay ng Panginoon, nalalaman na kung tayo ay magiging Kanyang maasahan tayo ay gagantimpalaan Niya. Ang limang tinapay na sebada at dalawang isda ay hindi kasya mula sa paningin ng mga alagad, sapagkat nakaligtaan nilang tumingin sa katotohanan na nang ang pagkain ay inilagay sa mga kamay ni Jesus, ang himala ay nangyari, ang mga kailangan ay natugunan at ang mga tao ay naligtas at nakakuha ng sapat.

Maraming mga alagad ay hindi nagtitiwala na ang Diyos ay kayang panatilihin sila at ang ministerio ng Diyos na ibinigay sa kanila, sa kabila ng maliit nilang trabaho at ang maliit na kita. Maraming naghahanap sa mga magtataguyod upang suportahan sila sa pananalapi, sa pagabot sa nawala. Maraming naghahanap sa mga tao na kayang suportahan sila, ngunit ang pangunahing mga bagay na ating napagusapan ay wala sa kanilang isip. Dapat tayong magtiwala ngayon sa Diyos, sa paglalagay sa Kanyang mga kamay ng lahat ng anong ibinigay Niya sa atin at Siya ang mismo ang magdadag sa kanila na sila ay magiging sapat upang tugunan ang lahat ng ating pangangailangan.

Huwag mong ilagay sa isang kondisyon ang Diyos, huwag mangailangan mula sa Diyos, huwag gumawa ng kaligaligan, at huwag gumawa ng mga dahilan; huwag magsalita ng negatibo at magreklamo. Wala kang dahilan; huwag mong ibigay ang paninisi sa iyong kalusugan, sa iyong trabaho, sa iyong boss, sa iyong mobile, sa iyong asawang babae, sa iyong asawang lalaki, sa iyong mga anak, sa iyong mga magulang, sa pastor, sa simbahan, sa katuruan; nakatanggap ka ng marami, tigilang gumawa ng mga dahilan upang iwasan ang paglilingkod sa Diyos, sapagkat hindi mo kayang lokohin ang Diyos.

E. Tayo ay maging masipag at iwasan ang katamaran at pagpapaliban sa paggawa ng gawain ng Diyos: ang katamaran ay isang dahilan na ang mga alagad sa ilang panahon ay hindi handang maglinkod sa Diyos sapagkat sila'y ayaw maghirap at magtrabaho ng masipag para sa Panginoon sa pagabot sa karamihan para kay Jesus.

F. Tayo din ay matuto mula kay Jesus na magpasalamat sa Diyos: "11 Kinuha nga ni Jesus ang mga tinapay; at nang makapagpasalamat, ay ipinamahagi niya sa kanilang nangakaupo; at gayon din naman binigyan sila ng mga isda kung gaanong ibigin nila. 12At nang sila'y mangabusog, ay sinabi niya sa kaniyang mga alagad, Pulutin ninyo ang mga pinagputolputol na lumabis, upang walang anomang masayang." (Juan 6:11-12) Si Jesus pagkatapos Niyang magpasalamat sa Diyos, ang tinapay ay nadagdagan at ang mga tayo ay nabusog. Tayo ngayon ay matuto upang magbigay pasasalamat sa Diyos para sa lahat ng maliit at malaking mga bagay na inilagay Niya sa ating mga kamay, pagtitiwala sa Kanya na Siya ang magdadagdag at yaong ating mga pangangailangan at ang pangangailangan ng ministerio ay sasagutin Niya at lahat ay mapupuno.

G. Ang Panginoon ay aasahan mula sa atin bilang mga alagad, na maging listo sa Kanyang tinig at maging masunurin sa paglalapat ng Kanyang mga utos: Sa talata mula sa aklat ng Juan 6, sinalita ni Jesus ang tatlong

pahayag sa Kanyang mga alagad. Ang Kanyang mga alagad ay tumugon sa utos ng Panginoon at totoong si Jesus ay gumawa ng kagilagilalas na mga himala at natugunan ang kailangan ng napakaraming tao.

Ang tatlong pahayag na sinalita ni Jesus ay higit na pinalawak sa atin kung paano natugunan ni Jesus ang kailangan ng karamihan at kung paano Niya nagawa sa atin upang patuloy na maglingkod sa Kanya.

1. Tinugunan ni Jesus ang suliranin: Ginawa Niya yaon nang Kanyang sinabi, " Itinanaw nga ni Jesus ang kaniyang mga mata, at pagkakita na ang lubhang maraming tao'y lumalapit sa kaniya, ay sinabi kay Felipe, Saan tayo magsisibili ng tinapay, upang mangakakain ang mga ito?" (Juan 6:5) Sa ganoong partikular na sitwasyon, tinanong ni Jesus ang Kanyang mga alagad sa kung anong kinakailangan upang tugunan sa sandaling yun. Bilang mga alagad ni Jesus hindi natin maaaring gawin ang ating sariling plano at pumunta at gawin ang sariling nating mga bagay. Ang ating buhay, ang ating oras, at ang ating pinagkukunan ay lahat ay sa Diyos at hindi sa atin. Maaring mayroon tayong ilang mga plano at gusto, maaring tayo ay maging maraming ginagawa at okupado ng ilang mga isyu na na iniisip nating mahalaga, ngunit si Jesus ay may ibang plano at saloobin para sa atin ngayon na nais Niya sa atin upang gawin.

Sa gayon, kailangan nating ibigay ang ating mga pandinig sa Kanya at maging alisto sa anong nais ni Jesus upang ituwid tayo sa gagawin sa susunod na hakbang ng ating buhay. Ang mga alagad sa sandaling yaon ng kanilang buhay at ministerio kay Jesus ay inaasahan na maging responsable upang tulungan ang lumalagong karamihan at ibigay ang kanilang kailangan. Sa ganitong paraan, kailangan nating maging handa na tanggapin ang ministerio at alagaan ang iba na nawala. Kailangan nating ihanda ang ating mga sarili kasama ng mga pinagkukunan at magisip ng mabuti sa maagang panahon sa paglago ng kailangan para sa gawain.

Maaring ikaw ay maraming ginagawa at okopado ng maraming mga bagay at saloobin na gawin, ngunit kailangan mong maging alisto sa kung anong nais ng Diyos sayo upang maging kasangkot. Laging kong tinatanong ang mga tao na lumalapit sa akin at sasabihin nila sa akin, gusto kong gawin ang bagay na ito o ang ibang bagay, at ako ay sasagot at itatanong, sinabi ba ng Diyos na gawin iyon?

2. Nagbigay ng tagubilin si Jesus sa pamamaraan ng paglutas ng suliranin: Ginawa Niya yaon nang Kanyang sinabi, "Inyong paupuin ang mga tao." (Juan 6:10) Hindi sinabi ni Jesus na 'umalis at bumili', Hindi niya sinabi 'magluto' hindi Niya sinabi na paalisin ang mga tao,' Ang punto na kailangan nating maunawaan at tanggapin ay ang sumusunod: Upang lutasin ang anumang suliranin , ay yaong kailangan nating marinig ng eksato kung ano ang sinasabi Niya sa atin tungkol sa isang partikular na sitwasyon at tiyak na gawin kung ano ang sinasabi niya mula sa atin upang gawin.

Paggawa ng iyong pansarili habang ikaw ay nasa kaguluhan, ng walang narinig mula sa Diyos, ay hindi makakatulong sayo at magdadag pa sa kaguluhan na ikaw ay naroroon.

Kapag ikaw ay nasa kaguluhan o sa pagharap sa anumang kahirapan, kasalukuyan sa iyong sitwasyon at kung anong iyong pinagdadaanan sa Panginoon, lumuhod at maghintay at makinig sa Kanyang tinig, maghintay at makinig sa Kanya upang magsalita sayo at sabihin sayo kung ano ang kailangan mong gawin.

3. Nagbigay ng utos si Jesus upang pigilin ang suliranin mula sa pagbalik: Ginawa Niya yaon nang Kanyang sinabi, "At nang sila'y mangabusog, ay sinabi niya sa kaniyang mga alagad, Pulutin ninyo ang mga pinagputolputol na lumabis, upang walang anomang masayang" (Juan 6:12) Ayaw ni Jesus na ang Kanyang mga alagad ay magsayang. Ayaw Niyang may mawala sa kanila, at nais Niya sa kanila na maging isang mabuting halimbawa sa iba na nakapaligid sa kanila. Kung ang mga alagad ay walang natira sa kanilang mga kamay, sa gayon sila'y mas masahol pa kaysa hindi mananampalataya sa pamamahala sa kanilang buhay. Ang mga alagad ni Jesus ay naguguluhan sa malaking pulutong. Dito si Jesus ay inutusan sila upang tipunin ang labis at isantabi upang kapag sila'y humarap muli sa isang pulutong ng parteng yaon, mayroong silang isang bagay na ibabahagi at tugunan ang kailangan ng pulutong ng mga tao na pumupunta kay Jesus.

Si Jesus ay nagmamalasakit para sa mga tao na pumupunta sa Kanya at pinakain sila ng tinapay at isda. Pagkatapos sila'y lahat ay napunan upang kumain, sinabi ni Jesus sa Kanyang mgq alagad, "Pulutin ninyo ang mga pinagputolputol na lumabis, upang walang anomang masayang." (Juan 6:12) Nais ni Jesus sa kanila na mapagtanto na kapag ibinigay nila sa Diyos sila'y makakatanggap pa. Nais ni Jesus na mapagtanto nila na hindi dapat silang magsayang ng anomang pagkain. Nais Niyang turuan sila at ibigay sa kanila ang isang mabuting aral sa kung paanong maging isang mabuting katiwala at kung paanong magtipid at pangalagaan ang pagkain. Ang parehong aral ay mailalapat sa atin ngayon, na hindi dapat tayong magsayang ng pagkain.

Itinuro ba ni Jesus sa kanila iyon dahil hindi niya kayang gumawa ng parehong mga himala? tiyak na hindi, ito ay itinuro sa kanila ang halaga ng pagtitipid. Hindi lamang sa pagkain na kailangan nating ilapat ang simulaing ito, kundi sa lahat ng oras, salapi, tubig, kuryente, oras, mga papel, damit, kasangkapan, mga kagamitan, at ibang mga bagay na maayos upang ang ating paglilingkod at ministerio sa Panginoon ay magpatuloy. Maraming alagad ang nagsasayang at hindi ginagamit ang kanilang isip upang magtipid at gamitin ng matino kung anong ibinigay ng Diyos sa kanila para sa susunod na pulutong. Ang Mabuting katiwala ay katulad ng isang pagiingat upang iwasan ang paglalagay sa ating sarili sa isang parehong problemadong sitwasyon. Sinabihan ni Jesus ang Kanyang mga alagad na tipunin ang natitira sapagkat ang kanilang pangunahing suliranin nang Kanyang tinanong na pakainin ang pulutong ay walang sapat, at ngayon sinabihan sila ni Jesus na tipunin ang natira upang ipakita sa kanila kung bakit sila'y wala, sapagkat sila'y nagpabaya na magtipid at tipunin at ingatan ang mga bagay sa nakaraan na mapapakinabangan nila. Sa gayon mula ngayon hanggang, masdan ang iyong sarili, ingatan at huwag magsayang ng oras, pagkain, tubig, kuryente, salapi at anumang bagay na idadagdag ni Jesus sa iyong buhay.

Sa aking mahal at minamahal:

• Ating kilalanin ang pagkakaiba ng ating sarili sa karamihan
• Tayo ay kumilos bilang isang tunay na alagad ni Jesus.
• Ating itama ang ating puso, upang mabuhay upang maglingkod sa Kanya.
• Tayo ay magkaroon ng pananampalataya at pagtitiwala sa Diyos na kaya Niya at gagawa Siya ng mga himala sa ating buhay, at sa buhay ng ating minsitero, at sa buhay ng Kanyang simbahan.
• Tayo ay magkaroon ng malasakit sa karamihan ng mga tao na pumupunta kay Jesus.
• Tayo ay managot at maging responsable patungo sa ministerio na ipinagkatiwala ni Jesus sa atin.
• Tayo ay magpasalamat na ilagay sa Kanyang kamay ang lahat ng kung anong ibinigay Niya sa atin, pagkatiwalaan na pararamihin Niya sila upang matugunan ang lahat ng ating pangangailangan at ang pangangailangan ng ministerio.
• Tayo ay maging handa upang iderikta ng Kanyang tinig ng Banal na Espiritu sa direksyon na nais ng Diyos sa atin upang pumunta.
• Ilagay natin sa Kanyang kamay ang suliranin ngayon na hindi natin alam kung paano hawakan.
• Tayo ay maging alisto upang dinggin ang utos ng Banal na Espiritu sa bawat araw ng ating buhay at sa bawat sitwasyon at pakikibaka na ating hinaharap.
• Tayo ay maging masipag upang ilapat ang mahalagang utos na ito ng Banal na Espiritu sa ating buhay at sa buhay ng Kanyang simbahan at ng Kanyang ministerio.
• Tayo ay magngapasalamat na mga alagad sa ilang mabisang hakbang at kaloob na inilagay ng Diyos sa iyong kamay upang paglingkuran Siya.
• Tayo ay maging daanan ng pagpapala na gagamitin ng Diyos yaon na Kanyang biyaya, pagibig, habag na abutin ang karamihan na nakapaligid sa atin.
• Tayo ay maging isang mabuting katiwala at huwag magsayang ng lahat ng pinagkukunan ang mabubuting bagay na ibinigay ng Diyos sa atin.
• Ating pagnilayan ang mensahe ngayon na ipinadala ng Banal na Espiritu sa atin.
• Ating ipagkatiwala ang ating mga sarili sa simulain na ating narinig mula sa mensahe ngayon, at isabuhay para sa Kanya upang paglingkuran Siya.
• Ating ihayag ang ating mga kasalanan sa Diyos at talikdan ang mga ito, ating talikdan ang pagsasayang, kawalang ingat, katamaran, kawalan ng malasakit at kawalan ng kahabagan at bumalik sa Kanya sa pagsisisi na makita natin ang biyaya at awa sa panahong ito ng pangangailangan.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong Salita na ipinakita sa akin ang katotohanan; na aking kailangan upang maging responsable at isang may pananagutan na alagad na mabuhay sa iyo at maglingkod sa iyo, at upang ang iyong biyaya, pagibig, at awa ay makaabot sa iba.

Panginoon aking inihahayag ang aking mga kasalanan at nagsisisi sa mga ito. Ating ihayag ang ating mga kasalanan sa Diyos at umiyak sa Kanyang awa. Panginoon patawarin mo ako sa aking mga kasalanan.

Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili sa lahat ng mga simulain na aking narinig ngayon mula sa iyong Salita. Tayo ay lumuhod at sa kanyang paanan ni Jesus. Panginon ako ay naninikluhod sayo upang dinggin ang iyong tinig. Panginoon magsalita ka sa akin, ako'y handang makinig at sumunod sayo. Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili upang gawin ang mga bagay na ayon sa iyong mga utos.

Panginoon aking ipinagkakatiwala ang aking sarili upang mabuhay na maglingkod sayo. Panginoon bigyan mo ako ng lakas at ng mabuting kalusugan upang gawin yaon. Panginoon ako'y nagtitiwala sayo na ikaw ang magbibigay sa akin at ikaw ang magbibigay sa iyong ministerio. Panginoon protektahan mo ako mula sa gawain ng diyablo at mula sa paguusig.

Panginoon aking ipinapanalangin ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na itinalaga ang kanilang buhay sa mga tagubilin sa mensaheng ito. Panginoon protektahan mo sila at ibigay ang para sa kanila. Panginoon pagpalain mo sila sa kanilang pagsunod. Panginoon punuin mo sila ng iyong Banal na Espiritu at ibigay sa kanila at ang mga kaloob na espirituwal na kailangan nila upang paglingkuran ka. Panginoon gamitin mo sila upang maging daanan ng mga pagpapala sa iba. Panginoon tulungan mo silang abutin ang nawala, upang makapagebanghelyo at dalhin ang iyong Salita sa kanila.

Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at ipagkaloob sa amin ang mga kaloob na espirituwal na kailangan namin upang pumunta at gumawa ng mga alagad sa lahat ng bansa. Panginoon bigyang daan kami upang makapagebanghelyo at abutin ang nawala at bagong lugar ng Mabuting Balita ni Jesus. Panginoon tulungan kami na makapagtanim ng bagong mga pagaaral ng Bibilya, bagong kapisanan, at magtaas pa ng mga alagad upang maglinkod sayo. Panginoon patuloy mo kaming protektahan at ibigay ang lahat ng aming pangangailangan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin maramdaman ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoog JesuCristo at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.